DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT
HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

ESPIRITU
HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

**CITY ORDINANCE NO. CO 94-2020**
**Series of 2020**

**ISANG ORDINANSA NA NAGPAPATUPAD NG MGA BAGONG PATAKARAN SA PAG-OOPERATE NG MGA PUBLIC UTILITY VEHICLES SA LUNGSOD NG BACOOR, CAVITE UPANG MAIWASAN ANG PAGLAGANAP NG CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID 19) AT NAGPAPATAW NG KARAMPATANG PARUSA SA SINUMANG LALABAG DITO.**

Ipinanukala nina:

**Kgg. Roberto L. Advincula, Kgg. Miguel N. Bautista, Kgg. Rowena Bautista-Mendiola, Kgg. Leandro A. De Leon, Kgg. Mac Raven Espiritu, Kgg. Adrielito G. Gawaran, Kgg. Alejandro F. Gutierrez, Kgg. Hernando C. Gutierrez, Kgg. Victorio L. Guerrero, Jr., Kgg. Gaudencio P. Nolasco, Kgg. Alde Joselito F. Paguiayan, Kgg. Reynaldo D. Palabrica at Kgg. Michael E. Solis.**

**SAPAGKAT,** ang patuloy na pananalasa ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) ay may malalim at masakit na epekto sa kabuhayan ng bawat Pilipino.

**SAPAGKAT,** ang public transportation sector ang isa sa matinding naapektuhan ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) na ipinag-utos ni Pangulong Rodrigo R. Duterte simula noong 16 Marso 2020.

**SAPAGKAT,** naapektuhan din ang mga nagtatrabaho sa mga iba't-ibang establisyemento na pansamantalang ipinasara dahil sa ECQ.

**SAPAGKAT,** inaasahan na ang Lungsod ng Bacoor, Cavite ay maisasapailalim sa General Community Quarantine (GCQ) sa lalong madaling panahon. Kung ito ay mangyayari, muling pahihintulutan ang mga public utility vehicles (PUVs) gaya ng mga jeepney, tricycle, at bus na makapagbyahe sa mga pampublikong lansangan.

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng Executive Order No. 112, Series of 2020, binigyan ni Pangulong Duterte ng kapangyarihan ang bawat local government unit ng kapangyarihan na ipatupad ang nabanggit na enhanced community quarantine, o iba pang uri ng community quarantines (gaya ng general community quarantine) nang naaayon sa batas at sa mga kautusan ng national government tungkol sa paglaban sa COVID-19.

**SAPAGKAT,** inilabas ng Land Transportation and Fare Regulatory Board (LTFRB) ang Memorandum Circular No. 2020-017 na may paksa na "GUIDELINES FOR PUBLIC TRANSPORTATION FOR AREAS UNDER GENERAL COMMUNITY QUARANTINE (GCQ)" na nagkaroon ng bisa noong 1 Mayo 2020.

**SAPAGKAT,** inilabas ng LTFRB ang Memorandum Circular No. 2020-018 na may paksa na "GUIDELINES FOR THE OPERATIONS OF TNVS AND TAXIS DURING THE PERIOD OF GCQ" na nagkaroon ng bisa noong 16 Mayo 2020.

**SAPAGKAT,** ang inaasahang pagbalik ng mga PUV, UV (Utility Van) Express, taxi, at Transport Network Vehicle Services (TNVS) sa mga

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT
HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

lansangan ng Lungsod ng Bacoor ay malaking tulong sa muling pagbangon ng ating ekonomiya na pinadapa ng COVID-19. Ganunpaman, matinding pag-iingat ang kailangan ipatupad sa paraan ng pag-ooperate ng mga nasabing PUVs at TNVS upang masiguro na hindi lalaganap ang COVID-19 na maaaring magbunsod sa muling pagpapasailalim ng Lungsod ng Bacoor sa ECQ.

**DAHIL DITO**, at bunsod ng marubdob na pagnanais na makatulong sa pambansang kilusan laban sa COVID-19, nagkakaisang inaprubahan ng mga kasapi ng Ikaapat na Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite ang ordinansang ito:

**Section 1. Maikling Pamagat.** Ang ordinansang ito ay kikilalanin na **"PUBLIC TRANSPORTATION ORDINANCE OF BACOOR AGAINST COVID-19"**.

**Section 2. Coverage.** Ang lahat ng mga public utility jeepneys (PUJs), public utility tricycles (PUTs), public utility buses (PUBs), UV Express, taxis, at Transport Network Vehicle Services (TNVS) na babyahe sa loob ng Lungsod ng Bacoor, Cavite habang ang lungsod ay nasa ilalim ng general community quarantine ay masasaklawan ng ordinansang ito.

**Section 3. Mga Pinagbatayan na Batas at Patakaran.** Ang ordinansang ito ay ibinatay sa mga sumusunod na batas at mga patakaran ng national government:

a. Republic Act No. 7160 (the "Local Government Code of 1991");
b. Republic Act No. 10160 (the "Charter of the City of Bacoor");
c. Republic Act No. 11469 (the "Bayanihan to Heal as One Act");
d. Ang iba't ibang resolutions at kautusan ng IATF at Executive Orders na nilagdaan ng Pangulong Duterte hinggil sa COVID-19; at
e. LTFRB Memorandum Circulars No. 2020-017 at 2020-018.

**Section 4. Kahulugan ng mga Salita:** Ang mga sumusunod na salita na ginamit sa Ordinansang ito ay nangangahulugan na:

a. Bacoor Traffic Management Department – departamento ng pamahalaang lungsod na may kapangyarihan na ipatupad ang ordinansang ito pati na ang iba pang ordinansa, patakaran, at batas pang-trapiko sa Lungsod ng Bacoor, Cavite.
b. Capacity – kabuuang bilang ng pasahero na maaaring isakay sa loob ng isang sasakyan na kadalasan ay makikita sa gilid ng ng sasakyan ayon sa itinalaga ng pamahalaan nang ang operator ng nabanggit PUV ay ginawaran ng prangkisa.
c. City Health Office – departamento ng pamahalaang lungsod na ipatupad ang mga ordinansa, patakaran, at batas na may kaugnayan sa kalusugan at kalinisan sa Lungsod ng Bacoor, Cavite.
d. Foot bath – kahit na anong bagay na maaaring lagyan ng mga kemikal na maaaring makapatay sa COVD-19 gaya ng bleach, sabon, o rubbing alcohol na pwedeng panandaliang pagbabaran ng mga sapin sa paa ng mga pasahero bago sumakay;
e. General Community Quarantine – isang uri ng community quarantine na ipinag-utos ng pamahalaan kung saan ang limitadong operasyon ng mga public utility vehicles (PUV) ay pinahihintulutan.
f. Physical Distancing – ang paglalagay ng distansya na hindi iigsi sa isang metro sa pagitan ng bawat pasahero.
g. Public Utility Bus (PUB) – isang bus na bumibyahe sa mga pampublikong lansangan o lugar na binigyan ng prangkisa ng

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT
HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

pamahalaan na magsakay at tumanggap ng bayad mula sa isang pasahero.

h. Public Utility Jeepney (PUJ) – isang jeepney na bumibyahe sa mga pampublikong lansangan o lugar na binigyan ng prangkisa ng pamahalaan na magsakay at tumanggap ng bayad mula sa isang pasahero.

i. Public Utility Tricycle (PUT) – isang tricycle na bumibyahe sa mga pampublikong lansangan o lugar sa loob ng Lungsod ng Bacoor na binigyan ng prangkisa ng pamahalaang lungsod na magsakay at tumanggap ng bayad mula sa isang pasahero.

j. Public Utility Vehicle (PUV) – isang sasakyan na na bumibyahe sa mga pampublikong lansangan o lugar na binigyan ng prangkisa ng pamahalaan na magsakay at tumanggap ng bayad mula sa isang pasahero.

k. Prangkisa – pribilehiyong iginawad ng pamahalaang lungsod o ng LTFRB sa operator ng isang PUT o PUV na makapagbyahe bilang isang pampublikong sasakyan sa Lungsod ng Bacoor o sa iba pang bahagi ng bansa.

l. Rubbing alcohol – kemikal na karaniwang ginagamit sa pagdi-disinfect ng mga kamay na rekomendado ng Department of Health (DOH) na gamitin upang puksain ang COVID-19.

m. Sanitizer – kemikal na medyo malapot na karaniwang ginagamit sa pagdi-disinfect ng mga kamay na rekomendado ng Department of Health (DOH) na gamitin upang puksain ang COVID-19.

n. Sidecar – bagay na nakakabit sa isang motorsiklo na sinasakyan ng isang pasahero ng PUT.

o. Special Permit – pahintulot upang magbyahe na kailangan makuha ng mga operator ng PUJ mula sa LTFRB bago makapagbyahe.

p. Sodium hypocholorite o bleach – isang kemikal na karaniwang ginagamit na panglinis at pang-disinfect ng mga bagay o lugar na kinakapitan ng mga virus o bacteria.

q. Terminal – lugar kung saan nakapila o nakagarahe ang mga pasahero at PUVs;

r. Terminal Operator – tao, korporasyon, kumpanya, o kooperatiba na nagmamay-ari, umuupa, o namamahala sa operasyon ng isang terminal ng mga PUV sa Lungsod ng Bacoor;

s. Traditional Jeepney – makalumang disenyo ng mga jeepney kung saan ang mga pasahero ay magkaharap na nakaupo sa loob ng sasakyan at isang makitid at mababang pasilyo ang namamagitan sa magkabilang hanay ng upuan.

t. Transport Network Vehicle Services (TNVS) – pribadong sasakyan na binigyan ng prangkisa ng pamahalaan na magsakay at maningil ng pamasahe sa pasahero gamit ang mga software applications gaya ng Uber o Grab.

u. UV (Utility Van) Express – uri ng PUV na ang gamit ay mga utility van na maaari lamang magsakay at magbaba ng pasahero sa mga terminal na pinahintulutan ng pamahalaan na mag-operate.

Ang anumang salita o kataga na hindi nabigyan ng pakahulugan sa section na ito na ginamit sa Ordinansang ito ay bibigyan ng pakahulugan na ayon sa kung papaano ito karaniwang nauunawaan ng nakararami.

**Section 5. Mga Patakaran sa Physical Distancing.** Ang mga sumusunod na patakaran hinggil sa physical distancing ay mahigpit na ipatutupad sa mga sumusunod na uri ng public utility vehicles:

**5.1. Para sa mga PUJs:** Ang driver at operator ng mga PUJ ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) may distansyang hindi iigsi sa isang metro (one meter) sa pagitan ng bawat pasahero (2) hindi magkatapat ang mga pasahero sa loob ng kanilang minamaneho o ino-operate na jeepney (kung ito ay traditional jeepney), (3) ang kabuuang

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT
HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

ESPIRITU
HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

bilang ng mga pasahero ay hindi dapat humigit sa 50% ng capacity ng nabanggit na sasakyan, (4) walang sinuman na papayagang sumabit sa estribo o maupo sa sahig ng sasakyan, (5) walang pasahero ang papayagang magkalong ng ibang pasahero, (6) ang likuran at kanang bahagi ng upuan ng driver ay dapat nahaharangan ng isang transparent at non-permeable plastic material, at (7) may marka ang mga lugar na pwedeng upuan ng mga pasahero na alinsunod sa mga patakarang nabanggit sa taas;

**5.2. Para sa PUTs:** Ang driver at operator ng mga PUT ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) isang pasahero lamang ang nakasakay sa loob ng tricycle, (2) walang nakasakay na pasahero sa likod ng driver, at (3) ang espasyo sa pagitan ng upuan ng driver at ng sidecar ay dapat nahaharangan ng isang transparent at non-permeable plastic material;

**5.3. Para sa mga PUBs:** Ang driver at operator ng mga PUB ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) may distansyang hindi iigsi sa isang metro (one meter) sa pagitan ng bawat pasahero (2) may pagitan na isang bakanteng upuan sa pagitan ng bawat pasahero, (3) hindi hihigit sa 50% ng capacity ng bus ang pasahero ng bus na hindi kasama ang driver at conductor, (4) walang pasahero ang papayagang tumayo sa pasilyo o sa istribo ng bus; (5) ang likuran at kanang bahagi ng upuan ng driver ay dapat nahaharangan ng isang transparent at non-permeable plastic material, at (6) may marka ang mga lugar na pwedeng upuan ng mga pasahero na alinsunod sa mga patakarang nabanggit sa taas;

**5.4. Para sa mga TNVS at taxi:** Ang driver/operator ng TNVS o taxi ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) ang likuran at kanang bahagi ng upuan ng driver ay dapat nahaharangan ng isang transparent at non-permeable plastic material, (2) isang pasahero lamang ang uupo sa tabi ng driver, (3) hindi hihigit sa dalawang pasahero ang uupo sa backseat ng sasakyan, at (4) ang upuan sa pagitan ng dalawang pasahero sa backseat ay may harang upang masiguro na ito ay mananatiling bakante; at

**5.5. Para sa mga UV Express:** Ang driver/operator ng UV Express ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) ang likuran at kanang bahagi ng upuan ng driver ay dapat nahaharangan ng isang transparent at non-permeable plastic material, (2) isang pasahero lamang ang uupo sa tabi ng driver, (3) hindi hihigit sa dalawang pasahero ang uupo sa bawat row o hanay ng sasakyan, (4) may marka ang mga lugar na pwedeng upuan ng mga pasahero na alinsunod sa mga patakarang nabanggit sa taas, (5) ) ang kabuuang bilang ng mga pasahero ay hindi dapat humigit sa 50% ng capacity ng nabanggit na sasakyan, (6) walang pasahero ang papayagang magkalong ng ibang pasahero, at (7) sa mga terminal lamang ng UV Express maaaring magsakay at magbaba ng pasahero.

**Section 6. Mga Patakaran sa Disinfection.** Ang mga sumusunod na patakaran sa disinfection at pagpigil sa pagkalat ng COVID-19 ay mahigpit na ipatutupad sa mga sumusunod na uri ng public utility vehicles:

**6.1. Para sa mga PUJs:** Ang driver at operator ng mga PUJ ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) may nakasabit na bote ng rubbing alcohol o sanitizer sa pasukan ng jeepney, (2) may laman ang bote habang bumibyahe, (3) totoong rubbing alcohol o sanitizer ang laman ng bawat bote, (4) pinupunasan ng malinis na basahan na may rubbing alcohol ang mga hawakan, upuan, at iba pang bagay sa loob ng

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

ESPIRITU

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

jeepney na maaaring mahawakan ng mga pasahero bawat oras, (5) magpapahid ng rubbing alcohol o sanitizer sa kamay ang driver kada dalawampung minuto, (6) magsusuot ng face mask at gloves pati na malinis na T-shirt na may collar, pantalon, at sapatos ang driver habang bumibyahe, (7) maliligo ang driver bago magbyahe (8) maghuhugas ng kamay ang driver bago bumiyahe, pagkatapos gumamit ng palikuran, at bago/pagkatapos kumain, (9) lilinisan ang buong sasakyan gamit ang sabon, tubig at sodium hypochlorite o bleach bago bumiyahe at matapos bumiyahe, (10) kung ang PUJ ay magmumula sa isang terminal, dapat patungtungin sa isang foot bath ang bawat pasahero bago payagang sumakay, (11) ang laman na kemikal ng foot bath ay dapat palitan kada oras, (12) kailangan ilista ng driver o conductor ang pangalan, address, at contact number ng bawat pasahero sa isang logbook upang makatulong sa contact tracing, (13) lahat ng pasahero sa terminal ay dapat kunan ng temperature gamit ang isang thermo scanner, at (14) sinumang pasahero, driver, o conductor ang may temperature na higit sa 38 degrees Celsius ay hindi papayagang sumakay sa sasakyan at agad na ipapa-isolate sa mga kinauukulan;

**6.2. Para sa PUTs:** Ang driver at operator ng mga PUT ay pinag-uutusan na siguruhin na: (: (1) may nakasabit na bote ng rubbing alcohol o sanitizer sa tapat ng pasahero loob ng sidecar, (2) may laman ang bote habang bumibyahe, (3) totoong rubbing alcohol o sanitizer ang laman ng bote, (4) pinupunasan ng malinis na basahan na may rubbing alcohol ang mga hawakan, upuan, at iba pang bagay sa loob ng sidecar na maaaring mahawakan ng mga pasahero bawat oras, (5) magpapahid ng rubbing alcohol o sanitizer sa kamay ang driver kada dalawampung minuto, (6) magsusuot ng malinis T-shirt na may collar, pantalon, at sapatos ang driver habang bumibyahe, at (7) maliligo ang driver bago magbyahe (8) maghuhugas ng kamay ang driver bago bumiyahe, pagkatapos gumamit ng palikuran, at bago at pagkatapos kumain, at (9) lilinisan ang buong sasakyan gamit ang sabon, tubig ay sodium hypochlorite o bleach bago bumiyahe at matapos bumiyahe;

**6.3. Para sa mga PUBs:** Ang driver at operator ng mga PUB ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) may nakasabit na bote ng rubbing alcohol o sanitizer sa entrada ng bus, (2) may laman ang bote ng alcohol o sanitizer habang bumibyahe, (3) totoong rubbing alcohol o sanitizer ang laman ng bawat bote, (4) pinupunasan ng malinis na basahan na may rubbing alcohol ang mga hawakan, upuan, at iba pang bagay sa loob ng bus na maaaring mahawakan ng mga pasahero bawat oras, (5) magpapahid ng rubbing alcohol o sanitizer sa kamay ang driver at conductor kada dalawampung minuto, (6) magsusuot ng face mask at gloves pati na ng malinis T-shirt na may collar, pantalon, at sapatos ang driver at conductor habang bumibyahe, (7) maliligo ang driver at conductor bago magbyahe (8) maghuhugas ng kamay ang driver at conductor bago bumiyahe, pagkatapos gumamit ng palikuran, at bago/ pagkatapos kumain, (9) para sa mga airconditioned na PUBs, iiwanan na bahagyang nakaawang ang lahat ng bintana ng sasakyan upang makaikot ang hangin sa loob nito at maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa loob ng sasakyan, (10) lilinisan ang buong sasakyan gamit ang sabon, tubig at sodium hypochlorite o bleach bago bumiyahe at matapos bumiyahe, (11) kung ang PUB ay magmumula sa isang terminal, dapat patungtungin sa isang foot bath ang bawat pasahero bago payagang sumakay, (12) ang laman na kemikal ng foot bath ay dapat palitan kada oras, (13) kailangan ilista ng driver o conductor ang pangalan, address, at contact number ng bawat pasahero sa isang logbook upang makatulong sa contact tracing, (14) lahat ng pasahero sa terminal ay dapat kunan ng temperature gamit ang

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

ESPIRITU

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

isang thermo scanner, at (15) sinumang pasahero, driver, o conductor ang may temperature na higit sa 38 degrees Celsius ay hindi papayagang sumakay sa sasakyan at agad na ipapa-isolate sa mga kinauukulan;

**6.4. Para sa mga TNVS at taxi:** Ang driver at operator ng mga TNVS ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) may nakasabit na bote ng rubbing alcohol o sanitizer sa tapat ng bawat pasahero loob ng sasakyan, (2) may laman ang bawat bote habang bumibyahe, (3) totoong rubbing alcohol o sanitizer ang laman ng bawat bote, (4) pinupunasan ng malinis na basahan na may rubbing alcohol ang mga hawakan, upuan, at iba pang bagay sa loob ng sasakyan na maaaring mahawakan ng mga pasahero bawat oras, (5) magpapahid ng rubbing alcohol o sanitizer sa kamay ang driver kada dalawampung minuto, (6) magsusuot ng face mask at gloves pati na rin malinis na T-shirt na may collar, pantalon, at sapatos ang driver habang bumibyahe, (7) maliligo ang driver bago magbyahe (8) maghuhugas ng kamay ang driver bago bumiyahe, pagkatapos gumamit ng palikuran, at bago at pagkatapos kumain, (9) iiwanan na bahagyang nakaawang ang lahat ng bintana ng sasakyan upang makaikot ang hangin sa loob nito at maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa loob ng sasakyan, at (10) lilinisan ang buong sasakyan gamit ang sabon, tubig at sodium hypochlorite o bleach bago bumiyahe at matapos bumiyahe; at

**6.5. Para sa mga UV Express:** Ang driver at operator ng mga UV Express ay pinag-uutusan na siguruhin na: (1) may nakasabit na bote ng rubbing alcohol o sanitizer sa tapat ng bawat pasahero loob ng van, (2) may laman ang bawat bote habang bumibyahe, (3) totoong rubbing alcohol o sanitizer ang laman ng bawat bote, (4) pinupunasan ng malinis na basahan na may rubbing alcohol ang mga hawakan, upuan, at iba pang bagay sa loob ng van na maaaring mahawakan ng mga pasahero bawat oras, (5) magpapahid ng rubbing alcohol o sanitizer sa kamay ang driver kada dalawampung minuto, (6) magsusuot ng face mask at gloves pati na rin malinis na T-shirt na may collar, pantalon, at sapatos ang driver habang bumibyahe, (7) maliligo ang driver bago magbyahe (8) maghuhugas ng kamay ang driver bago bumiyahe, pagkatapos gumamit ng palikuran, at bago at pagkatapos kumain, (9) para sa mga airconditioned na vans, iiwanan na bahagyang nakaawang ang lahat ng bintana ng sasakyan upang makaikot ang hangin sa loob nito at maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa loob ng sasakyan, (10) lilinisan ang buong sasakyan gamit ang sabon, tubig at sodium hypochlorite o bleach bago bumiyahe at matapos bumiyahe, (11) dapat patungtungin sa isang foot bath ang bawat pasahero bago payagang sumakay, (12) ang laman na kemikal ng foot bath ay dapat palitan kada oras, (13) kailangan ilista ang pangalan, address, at contact number ng bawat pasahero ng konduktor sa terminal o driver sa isang logbook bago bumiyahe upang makatulong sa contact tracing, (14) lahat ng pasahero sa terminal ay dapat kunan ng temperature gamit ang isang thermo scanner, at (15) sinumang pasahero, driver, o conductor ang may temperature na higit sa 38 degrees Celsius ay hindi papayagang sumakay sa sasakyan at agad na ipapa-isolate sa mga kinauukulan.

**Section 7. Sapilitang Pagsusuot ng Face Mask.** Ang driver, conductor, at mga pasahero ng mga PUJ, PUT, PUB, taxi, UV Express at TNVS na saklaw ng ordinansang ito ay inuutusan na palagiang magsuot ng face mask o anumang tabing sa ilong at bibig habang nasa loob ng sasakyan. Upang ito ay masigurong maipapatupad, ang driver ng anumang PUJ, PUT, PUB, taxi, UV Express at TNVS na bumibyahe sa loob ng Lungsod ay maaaring tumanggi na isakay ang isang pasaherong ayaw sumunod sa kautusang ito. Maaari ding

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT

HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

pababain ng driver mula sa sasakyan ang isang pasaherong ayaw sumunod sa kautusang ito kahit na ang nabanggit na pasahero ay nakapagbayad na.

**Section 8. Mga Tungkulin ng Terminal Operator.** Tungkulin ng mga terminal operator na nag-ooperate sa Lungsod ng Bacoor na:

8.1. Gumawa at mag-maintain ng isang logbook kung saan ang pangalan, address, at contact number ng lahat ng driver, conductor, at pasahero na papasok sa terminal ay ililista;

8.2. Magpagawa at mag-maintain ng maayos at malinis na handwashing area at palikuran na may sabon at malinis na tubig sa loob ng terminal na maaaring gamitin ng mga pasahero, driver, at conductor;

8.3. Mag-maintain ng footbath na gagamitin ng mga pasahero, driver at conductor bago sumakay sa PUV na matatagpuan sa terminal;

8.4. Gumamit at mag-maintain ng isang thermo scanner na gagamitin para suriin ang temperature ng bawat pasahero, driver, at conductor;

8.5. Iulat sa Bacoor Traffic Management Department o sa City Health Office ng Bacoor kung may pasahero, driver, o conductor na may temperature na higit sa 38 degrees Celsius sa terminal o kaya ay ayaw sumunod sa anumang patakaran na nakasaad sa Ordinansang ito; at

8.6. Pahintulutan ang sinumang opisyal o kawani ng pamahalaang lungsod o nang Philippine National Police na suriin o kopyahin ang mga logbook na nabanggit o kaya ay ang kapaligiran ng terminal upang masiguro na ang mga nabanggit na tungkulin ay ginagampanan ng terminal operator.

**Section 8. Sapilitang Pagdi-display ng ID sa Loob ng Sasakyan.** Ang lahat ng driver at conductor ng mga PUJ, PUT, PUB, taxi, UV Express at TNVS na bumibyahe sa loob ng Lungsod ay inuutusan na mag-display ng kanilang ID sa lugar madaling makikita ng mga pasahero upang makatulong sa pagpapatupad ng Ordinansang ito.

**Section 9. Tungkulin ng Pasaherong Magsuplong.** Inuutusan ang mga pasahero na sasakay sa mga PUJ, PUT, PUB, taxi, UV Express at TNVS na nasasaklawan ng ordinansang ito na ilista ang plate number ng sasakyan at pangalan ng driver o conductor na lalabag sa mga probisyon ng Ordinansang ito pati na rin ang petsa, oras, at lugar kung saan naganap ang paglabag at isuplong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong 161.

**Section 10. Mga Patakaran sa Pagbabayad ng Pamasahe.** Upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng pasahan ng salapi mula sa iba't ibang kamay, ang mga driver at operator ng mga PUJ, PUT, PUB, taxi, UV Express at TNVS na saklaw ng ordinansang ito ay inuutusan na magdala at gumamit ng kahon kung saan ilalagay ng pasahero ang pamasahe niya bago pa man siya sumakay sa sasakyan. Hinihikayat ang mga pasahero na magbayad ng eksaktong pamasahe upang hindi na mapilitan ang driver na siya ay suklian. Ang ibang pasahero sa loob ng mga PUB o PUJ na saklaw ng ordinansang ito ay hinihikayat na maglagay ng rubbing alcohol sa kamay matapos na iabot ang pamasahe ng ibang pasahero papunta sa driver. Inuutusan ang driver na i-disinfect ang perang binayad sa kanya sa pamamagitan ng pagbabad dito sa rubbing alcohol sa loob ng 20 segundo bago iabot sa ibang tao.

**Section 11. Sapilitang Pagpapaskil ng mga Paalala sa Loob ng Sasakyan.** Ang operator at driver ng mga PUJ, PUT, PUB, taxi, UV

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT
HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

Express at TNVS na nasasaklawan ng ordinansang ito ay inuutusan na magpaskil ng mga anunsyo hinggil sa mga patakaran na nakapaloob sa ordinansang ito. Ang pagtatanggal at pagsira ng mga nabanggit na anunsyo ay ituturing na paglabag sa Ordinansang ito.

**Section 12. Pagkuha ng Special Permit.** Ang mga PUJ, PUB, TNVS, UV Express at taxi ay kailangang sumunod sa iba't ibang patakaran na nakapaloob sa LTFRB Memorandum Circulars No. 2020-017 at 2020-018 bago payagan bumiyahe. Ang mga PUJ na walang special permit mula sa LTFRB alinsunod sa mga nabanggit na memorandum circulars ay hindi papayagang bumiyahe.

**Section 13. Pag-uutos sa Public Information Office.** Ang Public Information Office ng Lungsod ng Bacoor ay inuutusan na gumawa at mag-imprenta ng mga anunsyo na ipapaskil sa mga PUJ, PUT, PUB, taxi, UV Express at TNVS na nasasaklawan ng Ordinansang ito sa loob ng 15 araw matapos na ang Ordinansang ito ay maging epektibo. Bukod sa buod ng mga nilalaman ng Ordinansang ito, ang mga poster na gagawin ng PIO ay maglalaman din ng fare matrix na ayon sa pinag-uutos sa LTFRB Memorandum Circular Nos. 2020-017 at 2020-018.

**Section 14. Pagpapatupad ng Ordinansa.** Ang Bacoor Traffic Management Department ay binibigyan ng kapangyarihan na ipatupad ang ordinansang ito. Binibigyan din ang BTMD ng kapangyarihan na magpatawag ng mga webinar o gumawa ng mga public announcement videos na ipalalabas sa social media kung saan ipapaliwanag sa mga driver, operator, at pasahero ang mga probisyon ng Ordinansang ito.

**Section 15. Kaparusahan.** Ang sinumang lalabag sa mga probisyon ng Ordinansang ito ay pagmumultahin ng P5,000.00 at makukulong sa loob ng tatlumpung (30) araw matapos na masentensyahan ng hukuman. Subalit kung ang lumabag sa anumang probisyon ng Ordinansang ito ay aamin sa kanyang pagkakasala sa pamamagitan ng isang sinumpaang salaysay at papayag na hindi na siya sampahan ng kaso sa hukuman, ang multang babayaran niya ay P2,000.00 na lamang at hindi na siya kakasuhan sa hukuman.

Kung ang lalabag sa anumang probisyon ng Ordinansang ito ay isang menor de edad o kaya ay isang taong wala sa tamang pag-iisip, ang kanyang magulang o legal guardian ang siyang pagmumultahin ng P5,000.00 matapos na masentensyahan ng hukuman. Subalit kung ang magulang o legal guardian ng menor de edad o ng taong wala sa tamang pag-iisip na lumabag sa anumang probisyon ng Ordinansang ito ay aamin sa pagkakasala ng kanyang anak o alaga sa pamamagitan ng isang sinumpaang salaysay at papayag na hindi na siya sampahan ng kaso sa hukuman, ang multang babayaran niya ay P2,000.00 na lamang at hindi na siya kakasuhan sa hukuman.

Ang sinumang lalabag sa mga probisyon ng Ordinansang ito na hindi kayang magbayad ng multa ay sapilitang gagawa ng alin man sa mga sumusunod na community service:

1. Pagtulong sa pag-iimpake at sa pamimigay ng mga relief goods sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw sa ilalim ng superbisyon ng punong barangay kung saan naganap ang paglabag;
2. Pagtulong sa pamimigay, pagkakaiap, paggawa, o pagpapaskil ng mga forms, brochures, posters, o anumang patalastas sa publiko sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa ilalim ng superbisyon ng punong barangay kung saan naganap ang paglabag; o

DISTRICT I

HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor

HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor

HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor

HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor

HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor

HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II

HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor

HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor

ABSENT
HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor

HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor

HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor

HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor

HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President

HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

3. Paglilinis sa iba't-ibang pampublikong lugar sa anumang bahagi ng Lungsod ng Bacoor sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa ilalim ng superbisyon ng City Environment and Natural Resources Office (CENRO) ng Lungsod ng Bacoor. o nang punong barangay kung saan naganap ang paglabag sa Ordinansa.

Ang prangkisa ng mga PUT na lalabag sa anumang probisyon ng Ordinansang ito ay isususpinde ng tatlumpung (30) araw sa unang paglabag. Ang paglabag sa ordinansang ito ng higit sa isang beses ng isang operator ng PUT ay magreresulta sa kanselayson ng prangkisa na ginawad sa kanya ng Pamahalaang Lungsod. Ang mga kaparusahang ito ay bukod pa sa mga kaparusahan na maaaring ipataw sa sinumang lalabag dito ng LTFRB o nang iba pang ahensya ng pamahalaan.

**Section 16. Pabuya sa Magsusuplong.** Ang sinuman na magsusuplong sa BTMD at magbibigay ng sapat na ebidensya tungkol sa nabanggit na paglabag, ay bibigyan ng Pamahalaang Lungsod ng pabuya na P500.00 na kukunin mula sa multang ibabayad ng taong isinuplong. Ang pagkakakilanlan ng mga taong magsusuplong sa mga lalabag sa Ordinansang ito ay hindi maaaring ilathala o ipagkalat sa publiko. Tanging ang Punong Lungsod, ang Pinuno ng BTMD, at ang City Accountant lamang ang makakaalam sa pangalan at ibang pagkakakilanlan ng mga magsusuplong sa mga lalabag sa Ordinansang ito. Mahigpit na susundin ng Punong Lungsod, ng Pinuno ng BTMD, at ng City Accountant ang mga umiiral na patakaran hinggil sa auditing sa paraan ng pagpapatupad ng probisyon na ito.

**Section 17. Paggalang sa Karapatang Pantao.** Ang lahat ng mga opisyal ng pamahalang lungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite pati na ang mga myembro ng Philippine National Police na nakatalaga sa Lungsod ng Bacoor at mga ahente ng iba pang national agencies na nakatalaga sa Lungsod ng Bacoor na magpapatupad ng ordinansang ito ay inuutusan na igalang ang karapatang pantao ng sinuman na masasaklawan ng ordinansang ito. Bilang susog sa kautusang nabanggit, ang paraan ng pagpapataw ng anumang community service na nabanggit sa Section 15 ay dapat haluan ng pang-unawa, kababaang loob, at paggalang. Walang sinumang opisyal ng pamahalaan ang maaaring gamitin ang ordinansang ito upang insultuhin, takutin, pagbantaan, saktan, hiyain, o kaya ay gawing katatawanan ang sinumang tao na masasaklawan ng ordinansang ito.

**Section 18. Suspendidong Implementasyon ng mga Sumasalungat na Ordinansa.** Ang implementasyon ng mga probisyon ng mga umiiral na ordinansa ng Lungsod ng Bacoor na hindi akma o sumasalungat sa mga probisyon ng ordinansang ito ay pansamantalang sinususpinde habang ang anumang bahagi ng lungsod ay nasa ilalim ng anumang uri ng quarantine dahil sa COVID-19.

**Section 19. Awtomatikong Suspensyon sa Implementasyon ng Ordinansa.** Ang implementasyon ng ordinansang ito ay awtomatikong isususpinde ng BTMD kapag ang operasyon ng anumang PUV o TNVS ay muling ipagbawal sa Lungsod ng Bacoor alinsunod sa utos ng Inter Agency Task Force on the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) o nang anumang ahensya ng pamahalaan ng Republika ng Pilipinas o kung ang bantang dulot ng COVID-19 ay dineklarang tapos na ng DOH.

**Section 20. Separability Clause.** Sakaling ang anumang probisyon ng ordinansang ito ay ideklarang labag sa batas ng anumang hukuman, patuloy na magkakabisa at mananatiling epektibo ang mga probisyon ng ordinansang ito na hindi maaapektuhan ng nabanggit na deklarasyon.




**DISTRICT I**

**HON. MIGUEL N. BAUTISTA**
City Councilor

**HON. MICHAEL E. SOLIS**
City Councilor

**HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA**
City Councilor

**HON. ADRIELITO G. GAWARAN**
City Councilor

**HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.**
City Councilor

**HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ**
City Councilor

**DISTRICT II**

**HON. ROBERTO L. ADVINCULA**
City Councilor

**HON. HERNANDO C. GUTIERREZ**
City Councilor

**ABSENT**
**HON. GAUDENCIO P. NOLASCO**
City Councilor

**HON. LEANDRO A. DE LEON**
City Councilor

**HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN**
City Councilor

**HON. ROBERTO R. JAVIER**
City Councilor

**HON. REYNALDO D. PALABRICA**
City Councilor - Liga ng Brgy. President

**HON. MAO RAVEN ESPIRITU**
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

**ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.**
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

**HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO**
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

**HON. LANI MERCADO - REVILLA**
City Mayor

**Section 21. Effectivity Date.** Ang ordinansang ito ay agad na magiging epektibo matapos itong maaprubahan ng Sangguniang Panlalawigan ng Lalawigan ng Cavite at matapos na ito ay mai-post sa website ng Sangguniang Panlungsod ng Bacoor (www.bacoorcitysp.com), sa website ng pamahalaang lungsod ng Lungsod ng Bacoor (www.bacoor.gov.ph), at sa tatlong pampublikong lugar sa loob ng Lungsod ng Bacoor.

**IPINASA** ng Ikaapat na Sangguniang Lungsod ng Bacoor, Lalawigan ng Cavite ngayong ika-15 ng Hunyo 2020.

*Pinatutunayan ko na ang nabanggit na Ordinansa ay tama, makatotohanan, at naipasa ng naaayon sa batas.*

*Pinatutunayan ni:*

**KGG. CATHERINE S. EVARISTO**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punong Lungsod*

*Pinapatotohanan ni:*

**ATTY. KHALID A. ATEGA JR.**
*Kalihim ng Sangguniang Panlungsod*

*Inaprubahan ni:*

**KGG. LANI MERCADO-REVILLA**
*Punong Lungsod*
*Petsa ng Pag-aapruba:* JUN 2 4 2020 *2020*